

ANG INTELEKTUWALISASYON NG WIKANG FILIPINO TUNGO SA KULTURAL AT AKADEMIKONG PAG-UNLAD

by:

Adam Helson G. Elardo

Teacher III, St. Francis National High School

Ang wika ay patuloy na umuunlad sa paglipas ng panahon dahil hinuhubog ito ng mga puwersang eksternal: kultural, panlipunan, at intelektuwal. Sa artikulong ito, tutuklasin natin ang intelektuwalisasyon ng wikang Filipino, na may pagtuon sa kahalagahan nito bilang wika ng karunungan.

Ang intelektuwalisasyon ng wika ay tumutukoy sa proseso ng paghubog at pagtaguyod nito para sa mga layuning pang-akademiko, siyentipiko, at intelektuwal. Sa kaso ng wikang Filipino, may mga pagsisikap na gawin itong intelektuwalisado upang maging angkop sa iba't ibang larangan, kabilang ang edukasyon, panitikan, at pormal na komunikasyon.

Upang makamit ang pagiging intelektuwalisado ng isang wika, pangunahing pagsisikap na dapat isakatuparan ay ang pagbuo ng istandardisadong pamantayan at ang pagpapatupad nito. Kailangang bumuo ng hanay ng mga tuntuning panggramatika, bokabularyo, at pagbigkas. Nakatutulong ito na matiyak ang pagkakatulad at kalinawan sa komunikasyon sa iba't ibang rehiyon ng Pilipinas. Ang mga aklat gaya ng Ortograpiyang Pambansa at Manwal sa Masinop na Pagsulat ng Komisyon ng Wikang Filipino, Balarila ng Wikang Pambansa ni Lope K. Santos, at iba pang batis ng kaalaman't mga Aklat ng Bayan ang nagsisilbing moog ng istandardisasyong ito. Ngunit malaking kakulangan pa rin hanggang sa kasalukuyan ang implementasyon nito. Halimbawa, malaking epekto sa kaisipan ng lipunan ang medya, kabilang ang mga pahayagan, magasin, at online platform. Sabi nga ni Chun et al. (2016) ay nakaiimpluwensya ang teknolohiya at midya sa mga konteksto at anyo ng pagpapahayag at komunikasyon. Ang

wika ay umaangkop sa modernong teknolohiya, sa paglikha ng mga terminolohiya kung saan maaring magdulot ng kalituhan sa marami. Sa ganitong sitwasyon, malaki ang papel ng mga guro bilang tagapagtaguyod ng wika upang gamitin ang Filipino bilang midyum ng pagtuturo sa mga paaralan, kasama ng Ingles at ang paghihikayat sa intelektuwal na paggamit ng wika sa mga setting pang-akademiko. Hamon din sa mga tagapamahala ng edukasyon at adminstrador ang pagkakaroon ng mga hakbangin upang bumuo ng mga aklat-aralin, mga artikulong pang-iskolar, at iba pang materyal na pang-edukasyon sa Filipino.

Ang mga manunulat at iskolar sa Filipino ay nag-aambag din nang malaki sa intelektwalisasyon ng wika sa pamamagitan ng paggawa ng mga akdang pampanitikan, mga papel-pananaliksik, at akademikong publikasyon sa Filipino. Nakatutulong ito sa pagpapalawak ng bokabularyo ng wika at pag-angkop nito sa iba't ibang larangan ng kaalaman. Ang mga lingguwista at mga mananaliksik ng wika na nagsasagawa ng mga pag-aaral upang mapahusay ang pag-unawa sa Filipino, at paggamit nito sa iba't ibang konteksto ay lalo pang nakatutulong sa intelektwalisasyon ng wika. Gayundin, ang mga ahensya ng gobyerno at institusyong pang-edukasyon ay nagtataguyod ng paggamit ng Filipino sa pormal at intelektuwal na konteksto. Kabilang dito ang paghikayat sa paggamit ng Filipino sa mga kumperensya, seminar, at iba pang intelektuwal na pagtitipon.

Ang intelektwalisasyon ng wikang Filipino ay nakatali rin sa pangangalaga ng pagkakakilanlang kultural. Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng paggamit ng Filipino sa iba't ibang layuning intelektuwal ay napananatili at napalalakas din ang kultural na ugnayan ng wika sa magkakaibang komunidad sa Pilipinas.

Bagama't nagkakaroon ng unti-unting pag-unlad sa intelektwalisasyon ng wikang Filipino, mahalagang tandaan na ang Pilipinas ay isang multilingguwal na bansa na may iba't ibang wikang panrehiyon. Ang mga pagsisikap na isinasagawa upang magkaroon

ng balanse sa pagitan ng pagtataguyod ng isang pambansang wika at pagpapanatili ng pagkakaiba-iba ng wikang panrehiyon ay kinakailangan.

Ang intelektuwalisasyon ng wika, gaya ng paglalakbay ng wikang Filipino, ay proseso na may akademiko at kultural na implikasyon. Sa pamamagitan ng istandardisasyon ng wika, mga hakbangin sa edukasyon, mga kontribusyong pampanitikan, at adaptasyong teknolohikal ay umuunlad ang Filipino bilang isang wika na hindi lamang nagpapanatili ng pagkakakilanlang pangkultura kundi nagsisilbi rin bilang isang dinamikong kasangkapan para sa mga layuning intelektuwal. Ang patuloy na pagsisikap na gawing intelektuwal ang Filipino ay nagtatampok sa katatagan ng wika sa harap ng kultural na ebolusyon, na naglalaman ng pangako sa isang mayamang lingguwistika at intelektuwal na pamana.

References:

Chun, D., Kern, R., & Smith, B. (2016). Technology in language use, language teaching, and language learning. *The Modern Language Journal*, 100(S1), 64-80.